

Guidebook para sa Pamumuhay ng mga Dayuhan

Tagalog

タガログ語版



Nilalaman

◆ Pakiusap ◆

Kapag may mga katanungan sa mga sumusunod na lugar, inyong makikita na hindi lahat ng indibidwal ay nakakaunawa o nakakapagsalita ng ingles, magtanong na mayroong kasama na nakakapagsalita at nakakaintindi ng salitang hapon.

1	SA ORAS NG PANGANGAILANGAN	Pahina
(1)	<u>Lindol</u>	<u>P. 1</u>
(2)	<u>Bagyo</u>	<u>P. 2</u>
2	LEGAL NA PAMARAAN AT TULONG	Pahina
(1)	<u>Estado ng Pagtira sa Japan</u>	<u>P. 3</u>
(2)	<u>Pagpapatala ng Kasal</u>	<u>P. 3</u>
(3)	<u>Pagpapatala ng Diborsyo</u>	<u>P. 4</u>
(4)	<u>Kapag namatayan (Death Registration)</u>	<u>P. 5</u>
(5)	<u>Pagpapatala ng Kapanganakan (Birth Registration)</u>	<u>P. 5</u>
(6)	<u>Pagpapatala ng Personal Seal</u>	<u>P. 6</u>
(7)	<u>National Health Insurance Membership</u>	<u>P. 6</u>
3	SERBISYONG PUBLIKO	Pahina
(1)	<u>Tubig</u>	<u>P. 7</u>
(2)	<u>Basura</u>	<u>P. 7</u>
(3)	<u>Uri ng Basura • Pagtatapon</u>	<u>P. 8</u>
4	KARAGDAGANG MAHALAGANG IMPORMASYON SA PAMUMUHAY	Pahina
(1)	<u>Pamumuhay sa Inyong Komunidad</u>	<u>P. 17</u>
5	SAKIT • KALUSUGAN	Pahina
(1)	<u>Medical Insurance Plans</u>	<u>P. 18</u>
(2)	<u>Sa oras na magkasakit</u>	<u>P. 20</u>
(3)	<u>Pagpapakonsulta sa doktor (Medical Check-up)</u>	<u>P. 22</u>

6	PANGANGANAK • PAG AALAGA	Pahina
(1)	<u>Pagbubuntis o Pagdadalang Tao</u>	<u>P. 23</u>
(2)	<u>Maternity Passbook</u>	<u>P. 23</u>
(3)	<u>Panganganak (Childbirth)</u>	<u>P. 23</u>
(4)	<u>Sistema ng pagtulong para sa medikal na gastos ng mga bata.</u>	<u>P. 24</u>
(5)	<u>Sistema ng pagtulong sa pamamagitan ng Sustento para sa mga bata. Single Parent Household</u>	<u>P. 25</u>
(6)	<u>Kapag gustong ipaalaga ang bata (Hoikusho at iba pa)</u>	<u>P. 25</u>
(7)	<u>Childcare Support</u>	<u>P. 26</u>
(8)	<u>Child Rearing Refreshing Hall (RELATTO)</u>	<u>P. 29</u>
7	PAARALAN • EDUKASYON	Pahina
(1)	<u>Kindergarten</u>	<u>P. 31</u>
(2)	<u>Elementary. Junior High School</u>	<u>P. 31</u>
(3)	<u>Mga Dayuhang Estudyante na Nag-aaral sa Japanese Schools</u>	<u>P. 32</u>
8	TRAPIKO	Pahina
(1)	<u>Bisikleta</u>	<u>P. 33</u>
(2)	<u>Proyektong “Norai”</u>	<u>P. 35</u>
(3)	<u>Promosyon ng Pampasaherong Bus</u>	<u>P. 35</u>
9	BUWIS • INSURANCE	Pahina
(1)	<u>Buwis (Tax)</u>	<u>P. 36</u>
(2)	<u>Insurance</u>	<u>P. 37</u>
10	Where to seek assistance • Silid-aralan para sa Wikang Hapon	Pahina
(1)	<u>Impormasyon tungkol sa pangkaraniwang pamumuhay (General Living Information)</u>	<u>P. 38</u>
(2)	<u>Silid-aralan para sa Wikang Hapon</u>	<u>P. 38</u>
11	Website na Makatulong sa Pamumuhay	Pahina
(1)	<u>Manual ng Pamumuhay sa Osaka</u>	<u>P. 40</u>

(2)	Osaka Safe travels (Ligtas na pagbibiyaha sa Osaka)	P.40
	Apendiks	Pahina
	Mga pasilidad sa publiko	P.41
	Konsulta para sa mga residente sa dayuhan	P.50

1. SA ORAS NG PANGANGAILANGAN

(1) Lindol

Ang Japan ay isang bansang malimit makaranas ng lindol. Sa mga nakaraang taon, maraming malalakas na lindol ang nangyari sa lugar ng Osaka-Kyoto-Kobe. Ang lindol ay maaaring mangyari kahit kailan kung kaya' t kailangang maging handa.

●Kapag Lumindol

Maging mahinahon, huwag magmadaling lumabas. Protektahan ang sariling buhay.

- Kung nasa bahay at naramdaman ang pagyanig, gumapang kaagad patungo sa ilalim ng mesa o desk at gumamit ng cushion at iba pang katulad nito upang protektahan ang ulo.
- Hintaying tumigil ang pagyanig.
- Kapag kumalma na ang pagyanig, kumpirmahin ang maaring pagmulan ng sunog.

●Preparasyon laban sa Lindol

- Siguraduhing matibay ang pagkakadikit ng mga aparador, tokador, at istante sa dinding upang hindi ito matumba kapag lumindol.
- Maghanda ng pang 3 araw na pagkain at inumin. (3 litro ng tubig sa isang araw para sa isang tao)
- Maghanda ng pagkain at iba pang bagay para sa emergencies (de latang pagkain, cookies, flashlight, at iba pa) at ilagay ito sa isang easy-to-carry bag upang madali itong makuha o madala.

●Kapag mayroong malakas na lindol o matinding pagbaha, maaaring magdulot pa ng ibang kalamidad.

Kanlungan sa panahon ng kalamidad. Tumakbo sa mga lugar na tinatawag na Temporary Disaster Shelters 「Ichiji hinanchi」 o Area Disaster Shelters (Kouiki Hinanchi).

(1) Kanlungan

Kapag ang mga bahay o gusali ay gumuho, ito ay isang delikadong sitwasyon kaya kailangang lumikas at tumungo sa pansamantalang kanlungan (Temporary Disaster Shelters). Ang elementarya o Junior High School at iba pang mga pampublikong gusali.

(2) Bagyo

Ang panahon ng bagyo sa Japan ay mula Hunyo hanggang Setyembre. Siguraduhing pagtuunan ng pansin ang mga babala mula sa mga nagbibigay ng ulat tungkol sa panahon (weather forecasters) kapag mayroong papalapit na bagyo sa Japan.

●Paghahanda para sa pagdating ng Bagyo

- . Maaring ang mga linya ng kuryente, gas, tubig, at telepono ay maputol.
- Ihanda ang flashlights, kandila, tubig na inumin para sa emergencies at mga gamot na nakahanda na.
- Ang transistor na radio (portable radio) ay makakatulong upang malaman ang sitwasyon sa labas.

tumawag sa City main Office • Disaster Prevention Section
(Shiyakusho Honcho Bosaika) ☎072-825-2194

2. LEGAL NA PAMAMARAAN AT TULONG

(1) Estado ng Pagtira sa Japan

- Ang kondisyon ng iyong pananatili sa Japan ay iba alinsunod sa iyong eligibility noong unang pumasok ng Japan.
- Tingnan sa Pasaporte o Bisa kung hanggang kailan pwedeng mamalagi sa bansang Hapon
- Kapag ang bisa ay short-term tourist o student visa ay hindi maaaring magtrabaho sa Japan.

- Tungkol sa mga aktibidad na labas sa mga bagay na pinahintulutan kang gawin, kailangang mag-apply upang legal na magawa ang nasabing aktibidad.
- Kapag gusto mong pahabain ang iyong pananatili, kailangang mag-apply para sa extension of stay **bago dumating ang araw na mag-expire ang visa permit**
- Kapag gusto mong lisanin ang bansa kahit kailan sa panahon na iyong pananatili at nais mong bumalik gamit ang parehong bisa, kailangang kumuha ng re-entry permit sa Immigration Affairs Bureau bago lumabas ng Japan.

tumawag sa

①Osaka Regional Immigration Services Bureau

Osaka City Suminoe-ku Nanko-kita 1-29-53 ☎06-4703-2100
Oras ng Tanggapan 9:00-16:00

(Maliban sa Sabado. Linggo, at Pista Opisyal)

②Foreign Residents' General Information Center (Gaikokujin Zairyu Sogo Information Center)

☎0570-013904
IP Telepono : Mula sa ibang bansa ☎03-5796-7112
Oras ng Tanggapan 8:30-17:15 (Maliban sa Sabado, Linggo, at Pista Opisyal)English, Chinese, Spanish, Korean

(2) Pagpapatala ng Kasal

Kapag magpapakasal, magpunta sa City main office • Koseki (Family Register) • Jukitanto (Residence Section) at mag submit ng `Koin todoke` (marriage certificate)

●**Kapag dayuhan ang magpapakasal sa isang Hapones**

Mga kailangang bagay mula sa dayuhan

①Certificate of Legal Capacity to Contract Marriage a (CLCCM) at ang salin nito sa wikang Hapon na magmumula sa sariling embahada o konsulada.

②Pasaporte

Mga kailangang bagay mula sa Hapones

①Family Register (Koseki Tohon) maliban kung may kopya na ang Munisipyo o City Office.

Sa pagpapatala ng kasal, kailangan ang dalawang indibidwal na may edad na 20 taong gulang pataas na pipirma bilang saksi sa kasal (para sa dayuhan ang pirma ay tinatanggap).

●**Kapag parehong dayuhan ang magpapakasal sa Japan**

Mga kailangang Papeles

①Certificate of Legal Capacity to Contract Marriage (CLCCM) at ang salin nito sa wikang Hapon na magmumula sa sariling embahada o konsulada.

②Pasaporte

Para sa Katanungan: Tumawag sa sariling embahada o konsulada.

City main Office • Family Register (Koseki) • Resident Section
(Jukitanto) ☎072-825-2215 (Koseki)

(3) Pagpapatala ng Diborsyo

Kapag ikaw ay nakakuha ng diborsyo o nakipaghiwalay, kailangang ipaalam sa City Office. Kapag ang mag-asawa ay magkaiba ng nasyonalidad, ang batas sa bansa kung saan sila nakatira ang masusunod sa proceso ng diborsyo. Halimbawa, ang diborsyo ng mutual consent ay kikilalanin ng batas kung ang mag-asawa ay nakatira sa Japan, kahit na ang isa sa kanila ay hindi kinikilala ang nasabing klase ng diborsyo.

*Kailangan ang Katibayan ng Tirahan (Residence Certificate) kapag ang hapon ay magpaparehistro sa ibang siyudad o lugar.

Para sa mga Katanungan: Tumawag sa sariling embahada o konsulada.

Para sa Katanungan: Tumawag sa sariling embahada o konsulada.

City Main Office • Family Register (koseki) • Resident
Section(Jukitanto) ☎072—825-2215 (Koseki)

(4) Kapag namatayan (Death Registration)

Kailangang ipaalam sa City Office Civil Registration Section ang pagkamatay sa loob ng 7 araw.

Ano ang mga kailangan:

• .Nasa iisang dokumento lamang ang Death Certificate (Shiboushindansho) na magmumula sa doktor at ang personal na isusulat na Death Report (Shibou Todokegake).

●Kapag dayuhan ang namatay

Ipaalam sa sariling Konsuhalada ang pagpanaw, kailangang isumite ang Resident Card o Special Permanent Resident Certificate. sa Pamahalaang Panglunsod

Para sa mga Katanungan: Sa iyong embahada o konsulada

• City main Office • Family Register (Koseki) •
Resident Section (Jukitanto) ☎072-825-2215 (Koseki)

(5) Pagpapatala ng Kapanganakan (Birth Registration)

Mula sa araw ng pagkapanganak ng sanggol, sa loob ng 14 araw, kailangang isumite ang mga sumusunod na bagay sa Pamahalaang Panglunsod o sa Dibisyon para sa Mamamayan.

Mga kailangang bagay:

Ang Birth Certificate (Syusseishomeisho) at ang Birth Report (Syusseitodokegake) ay parehong matatagpuan sa isang dokumento. Maternity Record Book o Maternal and Child Health Handbook

Para sa mga Katanungan:

City main Office • Family Register (Koseki) • Resident Section (Jukitanto) ☎072-825-2215 (Family Register (bagay ukol sa Birth Certificate)

• Hoken Fukushi Center Suporta sa Pagpapalaki ng Bata ☎072—838—0374 (Ukol sa Maternal and Child Handbook)

(6) Registration of Personal Seal

Upang magkaroon ng bisa ang anumang mahalagang kontrata sa Japan, (halimbawa, kapag bibili ng lote, kotse, o anumang mamahaling bagay) kailangang gumamit ng “jitsu-in” o espesyal na personal seal na nakarehistro sa City Hall. Pagkatapos makapagpagawa ng sariling seal o stamp, mag-apply para sa pagpaparehistro nito sa City Office Koseki (Family Register) • Jukitanto (Resident Section).

※Mayroong stamp o seal na hindi maaaring iparehistro..

Para sa Katanungan: City main Office • Family Register (Koseki) • Resident Section (Jukitanto) ☎072-823-1211 (Juki)

(7) National Health Insurance Membership

Kapag ang isang dayuhan ay nakapagparehistro (Alien Registration) at ang pagtira sa Japan ay mahigit sa isang taon, kinakailangang maging miyembro ng National Health Insurance. Ang mga kailangang dokumento ay ang Alien Registration Card (Gaikokujin Tourokushomeisho) at pasaporte.

- ① Kapag walang Employee Insurance (Workplace Health Insurance at iba pa) noong lumipat sa Lungsod ng Neyagawa.
- ② Kapag nawala sa loob ng Employee Insurance (Loss of Health Insurance Qualifications Certificate)
- ③ Kapag hindi na tumatanggap ng Suportang Pangkabuhayan (LivelihoodSupport) (Kailangan ng kasulatan na hindi na tumatanggap ng suporta sa “ Seikatsuhougo”)
- ④ Kapag ang bagong silang na bata ay hindi kasali sa Health Insurance((Kailangan ang Insurance card ng magulang, Maternal health book o Bostecho at iba pa.

※ Kapag natapos na ang visa o Period of Stay (Zairuukikan) ay hindi na maaaring lumahok sa National Health Insurance .

Depende sa estado ng Visa , may posibilidad na makasali sa National Health Insurance kahit walang isang taon ang Period of Stay.)

Para sa Katanungan Shiyakusyo Honbu (City Main Office) • Kokumin Kenko Tanto(National Health Insurance Section) ☎072-813-1182

3. SERBISYONG PUBLIKO

Para sa impormasyon tungkol sa pampublikong serbisyo (tubig, kuryente, gas, telepono, at koleksyon ng basura), magtanong muna sa inyong real estate agent o sa kasera.

Ang pinakamadaling paraan ng pagbabayad ng pampublikong serbisyo ay sa pamamagitan ng money transfer o remitans sa banko o post opis.

(1) Tubig

- Tungkol sa umpisa ng serbisyo ng tubig, pagpapahinto ng serbisyo ng tubig, bayad, o problema sa tubig.

Para sa Katanungan Joge Suidokyoku Keieisoumuka
(Water and Sewerage Bureau) ☎072-824-1177

HP: https://www.city.neyagawa.osaka.jp/organization_list/joge_suido/keieisoumu/suidou/suidouryoukintousyuunou/index.html

Notice ng total ng tubig na nagamit (Gasu Syouryou) at babayaran (Ryoukin), buwan isang beses ang bilyete.



(2) Basura

Paghiwa hiwalayin ayon sa uri ng basura, ilagay sa semi transparent o klarong supot na hindi hihigit sa 45 litrong laki ng supot. Mga uri ng basura ay ang mga sumusunod ; (1) Nasusunog , (2) Hindi Nasusunog, (3) Battery , Lighter (4) Maliliit na elektrik appliances , elektrik charge batteries, (5)Lata at bote, (6) Basurang plastik (uri ng plastik na lalagyan at balot) . pet bottle (7) Nagamit na papel. Lumang Tela o Damit (8)Hindi pangkaraniwang basura, (9) Mga Appliances na nasa recycle list , (10) Flourescent light, Lata ng espray,(11) Computer (kailangan na baklasin)

Nararapat na sundin ang mga regulasyon sa pagtatapon ng basura. Hanggat maaari ay bawasan ang basura at mag recycle .

• Ang araw at lugar (garbage station) ng pagtatapon ay depende sa lugar na tinitirahan. Magtanong sa kapitbahay.

• Ang mga nasusunog na basura buhat sa pang araw-araw na pamumuhay ay ilagay sa semi transparent o klarong plastic, itapon sa takdang lugar at araw bago mag alas - 9 ng umaga.

• Alamin sa Neyagawa Clean Calendar ang tamang uri ng Basura at araw ng pagtatapon.

※ Ang Clean Calendar ay nakasalin sa 5 wikang banyaga: English, Chinese, Korean, Portuguese, Spanish.

Makakakuha nito sa (Reception ng City Main Office, Bawat City station, Hoken Fukushi Center—1st floor Reception, Clean Center)

Para sa katanungan

• Ippan katei no gomi shushu Clean Center Kankyujigyoka
☎072-820-7400

• Clean Calendar Clean Center Kankyousoumuka ☎072-824-0911

※ Mon to Fri 8:30~17:00 (Maliban sa Sabado ,Linggo ,pista opisyal at year end [12/31~1/3])

(3) Uri ng Basura •Paraan ng Pagtatapon

①Nasusunog na Basura (2 beses sa 1 linggo)

Saan: Usual na tapunan o lugar

Mga dapat itapon :



basura galling sa kusina



Punong kahoy at dahon



Futon Karpet



Bag, sanatos



video cassette (kasama ang kaha o kahon)



papel na lampin walang dumi

others

Panloob (underwear)
• Lumang Tuwalyang tela, Boots, Wig, Raincoat, Stuffed toys, Album, papel na gamitsa fax o copy

✳️PAUNAWA

- Patuluing mabuti ang tubig ng basurang galling sa kusina. Italing mabuti o mahigpit bago itapon.
- Mga tuyong halaman ,puno at mga dahoon ay ilagay sa 450na plastic hanggang 2 ~ 3plastik lang.
(Kapag lumagpas sa dami ay itapon sa pang ⑧Hindi Pangkaraniwang basura.)
- Ang Futon ay ilagay sa plastic o di kaya ay talian bago itapon (Pag lagpas sa 3 piraso ay itapon sa pang ⑧Hindi Pangkaraniwang basura.)
- Hanngat maaari ng mga tuyong halaman , puno ,dahon at futon ay itapon sa araw ng Biyernes.

②Hindi Nasusunog na Basura (Isang Buwan 2-3 beses, Tuwing ika-1 . 3. 5 na Miyerkules)


Saan: Usual na tapunan o lugar

Mga dapat itapon :

			
		microwa	electric fan
	CD DVD floppy—kasama ang kaha o kahon		Others
laruan (Gawa sa steel , plastik)		bombilya (Pero, may mga kahon na kolektahan ng mga bombilya)	Golf bag, Tricycle, Aluminium pot, Pentel pen, Joint mat, Timba (Steel o plastik), Bote, lata na di

✳️Paunawa

- Hanggang 2 plastik na 450 . (Pag mahigit ay itapon sa ⑧Hindi Pangkaraniwang basura)
- Ang mga babasagin, salamin, pang-ahit, pako at iba pa ay balutin ng papel at sulatan ito ng (Kiken na ang ibig sabihin ay delikado) o (Waremono o ibig sabihin ay babasagin) bago itapon.
- Mga babasagin , kutsiyo, thermometer , ③ Battery , lighter, Ay ilagay sa bukod bukod na supot na plastik.



- Dalhin ang mga printer ink cartridge sa mga tindahan na may collection box nito.
- Ang mga nabanggit sa ibaba ay hindi (2)Hindi Nasusunog na basura. Ito ay ⑧ Hindi Pangkaraniwang basura.
 - (1) Kapag mahigit sa tatlong450 na supot .
 - (2) Aparador at mga katulad na gamit (Binaklas man o hindi)
 - (3) Kapag mahigit sa taas 40cm×lapad 100 cm×lalim 40 cm, Mahigit sa10kg bigat.
 - (4) May mga switch na sindihan na kalan at gas burner (Malaki ang posibilidad na sumabog ito.)
 - (5) Mga basura mula sa paglilipat .

③ Mga uri ng Battery , Lighter

- Ang pagtatapon ng baterya ay ayon sa mga sumusunod
 - (1) Dry battery • Coin battery ⇒②Hindi Nasusunog na basura.
 - (2) Bateryang butones ⇒Dalhin sa mga tindahang may collection box nito.

(② Hindi Nasusunog)

- (3) Mga uri ng lighter⇒② Hindi Nasusunog

※ Ipag bukod bukod sa klarong plastik o supot ang battery at lighter kapag itatapon sa (2)Hindi Nasusunog.

④ Maliliit na Elektrik Charge Battery • Maliliit na Elektrik Appliances

May espesyal na collection box sa iba' t ibang takdang lugar sa siyudad . Dalhin dito .

Itapon sa (② Hindi Nasusunog na basura.)

- (1) Maliit na Elektrik charge battery ⇒ Dilaw na kahon

- Ni-Cd(rechargeable battery)、Ni-Mh、Li-ion.

(Baterya ng cell phone 、 Ploom Tech na uri ng sigarilyo、 Baterya ng bisekleta ay kinokolekta.)



Tingnan ang mga marka !



- (2) Maliliit na Elektrik appliances \Rightarrow sa Asul na kahon itapon
- lapad 31cm \times Taas 15cm ang kasya sa bibig ng kahon.
- (Halimbawa) smart phone, laptop, digital camera, USB memory, video deck, music player, game boy at iba pa.

【 Mga lugar na may Koleksyon Box 】

City Hall, Hoken Fukushi Center, Bawat city station (maliban sa Nishi station), Sangyo Shinko Center, Civic Hall, City Gymnasium, Kodomo Center, Relatto, Bawat Public hall (Kasali ang Minami Branch), Espoir, Shijonawate Aeon Mall (Maliit na elektrik appliances • maliban sa electrically charge battery), Public Health Center.

⑤ Lata. Bote (Isang Buwan 2 beses, Ika-2.4 na Miyerkules

Saan: Usual na tapunan o lugar

Mga dapat itapon :



botelya



aluminyo, ba
kal



lata ng kendi, lata ng
pagkain

Bote ng inumin. Lata ng pagkain. Garapon o sisidlang bote.

✘ Paunawa

. Banlawan ang lata at bote .

. Ang takip ng bote o garapon ay tanggalin.

*Ang mga maaaring ibalik na bote o sisidlan (Alak. Toyo. Bote ng beer) ay isauli sa pinagbilhang tindahan upang magamit muli (recycle).

• Ang mga bote ng cosmetics maliban sa inumin na bote at lata, mga tasa, heat resistant glass ay itapon sa ② Hindi nasusunog na basura.

⑥ Basurang Plastik (Uri ng Plastik na Sisidlan o Balot. Pet Bottle (1 Linggo 1 beses)

【 A Area ... Tuwing Huwebes, B Area ... Tuwing Lunes 】


✘ Alamin Kung ang tinitirahan ay A or B, sa Clean Calendar .

Saan: Usual na tapunan o lugar
Mga dapat itapon :


●Ang mga bagay na mayroong ganitong marka.



Lalagyan ng cup



Trayng pagkain



lalagyan ng itlog



pet bottle



Plastik na botelya o lalagyan

atbp

※Paunawa

- Transparent o klarong plastik na basura, pet bottle (tanggalin ang tanda at takip). Ilagay sa semi-transparent na supot at itapon.
- May mga instant cup noodles na gawa sa papel ang lalagyan, tingnan mabuti . Itapon sa ① Nasusunog na basura.
- May mga gawa sa plastic na katulad ng timba at Ay sa ②Hindi nasusunog na basura itapon.
- Banlawan ng matanggal ang dumi. Kahit na binanlawan kung hindi matanggal ang dumi ay isama sa supot para sa mga nasusunog na basura at itapon.

Sundin ng mabuti ang paraan ng pagtatapon ng pet bottle.



tanggalin ang takip

tanggalin ang marka o etiketa



banlawan



durugin

⑦Lumang Papel. Lumang Damit (1 Linggo 1 beses)

[A Area ... Tuwing Lunes, B Area... Tuwing Huwebes]

※ Alamin kung ang tinitirahan ay **A** or **B**, sa Clean Calendar .

Saan: Usual na tapunan o lugar

Mga dapat itapon :

Lumang Papel

Lumang Damit



Diaryo



magashin



Karton



Pacote de leite



Kahon ng okashi/sweets ,toilet paper roll



Kamiseta ,p antalon at ibapa

✘Ang pinagbukod na papel at damit ay ilagay sa klarong supot at itali ito.

✘Paunawa

- Ang malalaking karton na ginamit sa paglipat ng tirahan ay hindi pangkaraniwang basura.
- Ang mga sumusunod ay hindi Lumang Papel • Lumang Damit.

① Nasusunog na basura .

Papel na may aluminum coating. Papel na dinikitan ng amoy.

Maruming papel at iba pa. Klase ng damit bukod dito ang lumang damit

(Panloob (underwear), uri ng tuwalya)

• Hanggat maaari , dalhin ang mga lumang papel at damit sa pang maramihang koleksyon ng sariling Area.

⑧ **Hindi Pangkaraniwang Basura (Large Size, Moving Garbage: May Bayad)**

Pagtatapon : ★Kukunin ng Clean Center (May reservation • May bayad)

★Dalhin ng direktso sa Clean Center (Walang reservation • May bayad)

Mga dapat itapon :



mesa



sopa



aparador



gas
stove



gas
burner



kalan



bisikleta

atbp

✘Paunawa

- Ang mga nasa ibaba ay (8) Hindi Pangkaraniwang basura.

(1) Ang dami ng basura ay mahigit sa tatlong 450 na supot .

(2) Aparador, kasangkapang bahay (Binaklas • Hindi binaklas)

(3) Taas 40cm×Lapad 100cm×Lalim 40cm pataas , mahigit sa 10 kg ang bigat.

(4) May switch na kalan • burner (May posibilidad na sumabog)

(5) Maraming basura na sanhi ng paglilipat .

• Siguraduhin na walang natitirang gaas sa kalan , burner at tanggalin ang mga baterya.

- Telebisyon , Air conditioner [pati inverter] , washing machine [laundry dryer] , refrigerator ay sa,

⑨ Mga Appliances na nasa Recycle list .

• Computer ,Display ⑩Computer, tingnan ang paraan ng pagtapon nito.

★Mga basurang kukunin (Base sa Subskripsion: May Bayad)

Kailan 8 : 30~17 : 00 (Lunes-Biyernes)

• Sabado, Linggo liban sa Pista Opisyal ay maaring magpareserba

• Kailangan ng witness (bantay)。 Ilabas ang mga basura sa harapan ng bahay,hindi sila magkokolekta na magmula sa loob ng property.

Para sa Katanungan Clean Center Kankyoujigyouka

Magpareserba sa no. ☎072-868-5374

★Basurang personal na dadalhin (Hindi kailangan magpareserba: May Bayad)

Kailan 9:00~16:00(Lunes - Biyernes)

• Sabado, Linggo liban sa pista opisyal ay maaaring dalhin.

• Sa oras ng pagtanggap、 ipakita ang 「Resident Card or Special Permanent Resident Certificate,」 or 「Health Insurance card」 、 or 「My number card」 、 or 「Driver' s liscence card」 。

• Bilang patakaran ang dadalhing basura ay hindi dapat humigit sa 2 tonelada sapagkat ito ay hindi makakarga ng sasakyan o dump trak.

• Hindi pinahihintulutan ang tauhan ng Moving company lang ang magdala ng basura。 Kailangan kasama ang mismong mamamayan .

Para sa Katanungan: Clean Center Kankyoujigyouka

☎072-821-4039

⑨ Mga Appliances na nasa Recycle List

Ang mga sumusunod :



Air conditioner
at Inverter



T.V



refrigerato



Washing
machine &
dryer

※ Babala

• Air conditioner (Inverter) 、 T.V、 refrigerator、 washing machine & dryer ay

Ayon sa batas ay dapat i-recycle。 Ipakuha sa pinagbilihang tindahan ang mga ito 。

※Kapag hindi kokolektahin ng naturang tindahan ay gawin ang mga sumusunod 。

- Una , Bumili ng recycling ticket sa post office 。
- Mamili sa ①~③ paraan ng pagtatapon 。
 - ①Ipa kolekta sa Clean Center ang basura magmula sa bahay。
(Magpa reserba sa ☎072-868-5374)
 - ② Dalhin mismo sa Clean Center.
 - ③Malapit na takdang lugar na tapunan (※) Dadalhin。
(※) Kofuji Logistic (Hirakata city KasugaNishi machi 3-45-1
[☎072-808-3611]) 。

⑩Flourescent light. Lata ng espray.


(Kahit kailan ay maaaring itapon sa takdang lugar)

Lugar ng Pagtatapunan:

Espesyal na Koleksyon Box (Neighborhood Council Community Center, Assembly Place, Public Facilities at iba pang institusyon

Mga dapat itapon :

flourescent
light



lata ng
espray uri



※Paunawa

- Ito ay basura galing sa isang ordinaryong pamamahay.
- Walang estasyon ng basura para sa koleksyon.
- Ubusin ang lahat ng laman ng lata ng espray at gas cylinder (cartridge type) at ilagay sa pangkolektang basket na hindi nakalagay sa plastik na supot. (※Para maiwasan ang aksidente, huwag butasan ang lata. Kahit may natitira pang laman , ay ilagay na sa loob ng kahon.)
- Ibukod ang fluorescent light at isilid sa sariling kaha nito bago ilagay sa pangkolektang basket.

⑪Computer

Sundin ang mga sumusunod sa pagtatapon ng computer.



- Dalhin ang laptop sa Itinakdang pampublikong koleksyon box sa siyudad 。
- Dalhin ang computer sa pinagbilhang tindahan , o kontakin ng direkta ang pagawaan (manufacturer)。Kapag ang computer ay sariling gawa o hindi alam ang pagawaan magtanong sa 「ippanshadannhojin pasokon 3R Suishinkyukai (☎03-5282-7685 HP <http://www.pc3r.jp>) 。

※ Ang Printer 「②Hindi nasusunog」 maaring itapon. At ang printer cartridge ink ay dalhin sa koleksyon box ng mga tindahan nito.

● **Mga basura na hindi kinukuha ng siyudad**

(Mga Bagay na maaaring ihatid o kunin ng mga tindahan)

- Desk top computer、Piano, Fire extinguisher、Baterya ng sasakyan at motorsiklo
- Mga parts
 - Delikadong bagay: Thinner, Fuel, Waste Oil, Pintura, Gas burner, Kemikal at iba pa
 - Mga espesyal at mahirap itapon: Gulong, lupa, dumbell at uri nito, takip ng manhole, toilet bowl atbp.
 - Skrap mula sa konstraksyon: ekstensyon at pagbabago ng istruktura ng gusali at iba pa, Skrap na kahoy (Roof tile, Tatami, Sementong bloke)
 - Mga pansariling gamit mediko tulad ng injection (delikado na makahawa ng impeksyon , magtanong sa mga may kinalamang pang mediko)

4. KARAGDAGANG MAHALAGANG IMPORMASYON SA PAMUMUHAY

(1) Pamumuhay sa inyong Komunidad

Kung maninirahan sa Japan, kailangang masanay kaagad sa mga kaugalian at patakaran. Kapag may katanungan, magtanong sa kapitbahay o sa Neyagawa International Exchange and Friendship Association (NIEFA).

O kaya, sa tinitirahang lugar, may tinatawag na 「Jichikai」 samahan ng mga magkakapitbahay, hanggat maaari ay sumapi dito, Lumahok sa mga aktibidad tulad ng

- Paglilinis sa paligid, hadlangan ang krimen
- pag iwas sa kalamidad, pagtutulungan ng mamamayan sa mga local na events.
- Pamamahagi ng lokal na impormasyon sapamamagitan ng (leaflets) message board (kairanban).

Para sa Katanungan City main Office Shimin katsudou shinkou
shitsu ☎072-825-2120

NPO NIEFA ☎072-811-5935

HP: <http://www.niefa.or.jp>

5. SAKIT • KALUSUGAN

(1) Medical Insurance Plans

- Ang bawat naninirahan sa Japan ng mahigit sa 1 taon ay kailangang maging kasapi ng isang medical insurance plan.
- Mayroong 2 medical insurance plans: Social Health Insurance at National Health Insurance.
- Kapag sumali, makakatanggap ka ng Health Insurance Card. (Sariling Health Insurance card)
- Ipakita ang insurance card kapag magpapatitingin sa doktor upang 20%-30% ng medikal na gastos lamang ang babayaran.
(Mga taong 75taong gulang pataas ay 10%)

1.Social Insurance (Shakai Hoken) (Sariling Shakai Hoken card)

Kapag empleyado ng isang kompanya, ikaw at ang iyong pamilya ay maaaring sumali sa social insurance plan. Ang aplikasyon ay bayad ay gagawin sa pinapasukang kompanya.

※Ang Health Insurance na galing sa ibang bansa ay hindi puwedeng gamitin sa Japan.

Para sa Katanungan ①Ang iyong pinapasukang kompanya (Employer)

②Hirakata Social Insurance Office ☎072-846-5011

2. National Health Insurance (Kokumin Kenko Hoken)

Ang mga manggagawang walang social insurance, nakatira sa Japan ng mahigit sa 1 taon, ay kailangang sumali sa National Health Insurance na nasa pangangasiwa ng Lungsod ng Neyagawa.

●Mag apply sa

City Main Office National Health Insurance Department (Kokumin kenkou hoken tanto) ☎072-813-1182

Mga Kailangan

- Alien Registration Card
- Kailangang mag-apply para sa insurance mula sa araw na nagparehistro bilang dayuhang residente. Kung hindi, ikaw ay obligadong bayaran (back-

pay) ang premium mula ng ikaw ay maging residente ng Japan.

※Para sa detalye (2. Legal na pamamaraan 8. Pagiging kasapi ng National Health Insurance) ay pag-aralan ng mabuti.

●Pagbabayad ng Health Insurance Premium

Ang halaga ng insurance premiums ay kalkulado para sa 1 taon base sa iyong kita ng nakaraang taon.

Ang premium ay babayaran ng 10 installments sa loob ng 1 taon, mula Hunyo hanggang Marso (maliban rito ang Abril at Mayo).

Paraan ng Pagbabayad

①Automatic withdrawal mula sa iyong account sa bangko o post opis.

②Dala dala ang bill、magbayad sa bangko, post opis、City office、city station、o convenience store

③LINE Pay or credit card

Para sa Katanungan City Main Office Choshuu • Noufu tanto (collection/payment section) ☎072-813-1189

● Sariling Health Insurance Card

- May sariling card ang bawat isang miyembro。
- Kapag magpapa konsulta sa ospital o clinic, siguraduhing dala ang sariling health insurance card。
- Magagamit ang sariling card kahit sa ibang lugar sa loob ng Japan、laging dalhin kung magbibiyahе (Hindi magagamit sa ibang bansa。)

※ Babala

- Ipinagbabawal ng batas ang paghiram, pagpapahiram, pagbebenta o pagbili ng health insurance card para o mula sa isang tao.
- Kapag nagpalit ng address ng tirahan, kailangang ipaalam sa city office. Ikaw ay makakatanggap ng panibagong card (by mail) bago mag expire ang iyong lumang card.
- Kapag naging miyembro ng Health Insurance ng isang kompanya, kapag lumabas ng lungsod ng Neyagawa o ibang bansa kailangang isauli ang card sa City main office kokumin kenko hoken tanto.

※Ang Health Insurance ay hindi magagamit upang mabawasan ang total ng babayaran sa mga sumusunod na pagkakataon:

- Nasa ibang bansa, Normal na pagbubuntis o panganganak. Pangkaraniwang pagpapakonsulta (medical check-up), cosmetic dentistry, at pagpapabakuna (preventative vaccination)
- Pinsala dulot ng pakikipag-away o maling gawain (intentional misconduct).

※ **Kapag nagpa konsulta sa Ospital o clinic na hindi dala ang Health card**

- Ikaw ay obligadong magbayad ng buong halaga sa ginastos sa ospital o clinic subalit maaaring ipa-reimburse ang binayaran sa city office . Dalhin ang resibo at billing statement , pagkatapos suriin ang iyong kaso, maaaring mabalik ang 70 % o 80% ng kabuuang halaga ng binayaran.
- Ang partial refund para sa pagpapagamot sa ibang bansa ay maaari depende sa sitwasyon (case-by-case basis). Magtanong sa City Office.

※ **Mag apply para sa malaking nagastos sa Pagpapagamot**

- Kapag ang nagastos sa pagpapagamot ay nag over sa limit 「Kougakuryoyohi」 . Maaaring maibalik ang ilang bahagi ng nagastos. Pagkatapos magpagamot, 3 buwan makalipas ay makakatanggap ng notice 「Kougakuryoyohi no oshirase 」 mula sa city office. Sundin ang nakalaad ng paraan ng pag aapply.
- Siguraduhing hindi mawala ang mga resibo na galling sa ospital.

Para sa Katanungan City Main Office Kokumin Kenko Hoken Tanto
 072-813-1182

(2) Sa oras na magkasakit

● **Ospital • Klinika**

- Ang pagpapagamot o pagpapatingin sa doctor ay maaari tuwing pangkaraniwang araw (weekday) at Sabado. Walang ginaganap na konsultasyon tuwing araw ng Lingo. Marami ang pista opisyal..
- Kapag ito ay emergency , tumawag ng ambulansya. (☎19)
- Kapag mayroong resetang gamot, siguraduhin na naunawaan ng mabuti ang paliwanag ng doktor o ng pharmacist.
- After Hours o kapag Lingo o pista opisyal, magtungo sa emergency hospitals o clinic.

● **Emergency Consultation Kapag Sarado o Holiday**

Shiritsu Hoken Fukushi Center ☎072-828-3931

Araw ng Konsulta: Linggo, Pista Opisyal, New Year' s Holiday
(Disyembre 30 hanggang Enero 4)

Oras ng Tanggapan: 9:30-11:30 12:30-16:30 17:30- 20:30
(Pediatrics)

Medikal na Departamento: Internal na medisina, Pediatrics,
Dentista

Lugar : Neyagawashi Ikeda Nishi Machi 28-22 (Shiritsu Hoken
Fukushi Center 1st floor)

●Emergency Consultation sa Gabi

Hirakatashi Hoken Center - 4F

☎072-840-7555

Araw ng Konsulta: Araw-araw

Oras ng Tanggapan: 20:30 hanggang ika 5:30 ng umaga

Medikal na Departamento: Pediatrics (15 taon gulang pababa)

Lugar : Hirakatashi Kinya honmachi 2 -13-13



●Tungkol sa AED

Ang Automated External Defibrillator ay kilala sa akronym na
AED, sa wikang hapon ito ay tinatawag na
Jidoutaigaishikijosaidouki.

Kapag biglang inatake sa puso (ventricular fibrillation), ang puso ay bibigyan ng electric shock gamit ang makina upang ito ay manumbalik sa normal.

Pindutin lamang ang power button at sundan ang voice guidance sa wikang hapon upang malaman kung paano ito gamitin. Kahit sino ay kayang gamitin ang kagamitang ito. (Ang pasya kung kailangan ba o hindi ang electric shock ay sasabihin ng AED).

Nasa mga pampublikong lugar gaya ng estasyon ng tren at sa pakikipagtulungan ng lungsod ng Neyagawa ay mayroon din sa mga convenience store.

Para sa Katanungan City Main Office Bosaika ☎072-825-2194

(3) Pagpapakonsulta sa Doktor (Medical Check-up)

Ang konsultasyon sa kalusugan ay karaniwang ginagawa sa Health and Welfare Center sa mababang halaga o kaya ay libre. Ang impormasyon kung kailan ito gaganapin (araw at oras) ay makikita sa Neyagawa Bi-Monthly Bulletin o sa mga postcards na ipinapadala ng city office sa mga residente.

Ipinapayo ang pagpapasuri ng regular upang maagapan ang sakit, o makapulot ng senyales ng sakit sa lalong madaling panahon.

. Para sa karagdagang impormasyon, tignan ang Neyagawa Bi-Monthly Bulletin o tumawag sa sumusunod

Para sa Katanungan Hoken Fukushi Center Kenko Tsukuri suishinka
☎072-812-2002

6. PANGANGANAK • PAG AALAGA

(1) Pagbubuntis o Pagdadalang Tao

- Ipaalam ang pagbubuntis.
Ang siyudad ay magbibigay ng Maternity Record Book o Mother and Child Health Handbook (Boshikenkoutecho).
- Mag apply sa: Kosodate Sedai Houkatsu Center S K I P ~
(Hoken Fukushi Center—2nd floor、Relatto)
- Maaring magpatingin o konsulta sa mga Ospital o clinic ng Gynecologist (sanfujinka) 。
Ang City Health and Welfare center 、 ay may mga propesyonal na staff na nagbibigay ng libreng konsulta , impormasyon at payo ukol sa kalusugan.

Para sa Katanungan Kosodate Sedai Houkatsu Shien Center —SKIP

(Hoken Fukushi Center Kosodate shienka) ☎072—812—2213

HP:https://www.city.neyagawa.osaka.jp/kurashi/life_event/ninshin/soudan/1590023359838.html

(2) Maternity Passbook

- Ang Maternal and Child Health Handbook o Maternity Passbook (Boshi Kenkou Techo) is isang mahalang talaan. Dito makikita ang ulat tungkol sa kalusugan ng ina at ng sanggol sa sinapupunan. Ang pagkakaroon nito ay nagbibigay sa may-ari ng iba't ibang libreng pampublikong serbisyo sa kalusugan.
- Siguraduhing dalhin ito tuwing pupunta ng ospital kahit na ang dahilan ng pagpapatingin sa doktor ay walang kinalaman sa pagbubuntis.



(3) Panganganak (Childbirth)

- Mga Dapat Gawin pagkatapos maisilang ang sanggol
 - Humingi ng birth certificate (Shussei Shomeisho) sa ospital.
 - 「Shussei shomeisho」 Ang birth certificate ay dalhin sa city office (Main office) ng koseki Tanto (Family Register section)。

- Kung ang isa o parehong magulang ay dayuhan, kailangan nila itong ipabatid sa kanilang embahada o konsulada.
- Kung maaari ay dalhin ang bagong silang na sanggol sa regular na pagpapakonsulta ng kalusugan. Maaari ring magpatingin (check-up) at magpabakuna sa Health and Welfare Center or sa clinic na napiling puntahan.

● Lump-sum Payments for Childbirth

Ang miyembro ng health insurance ay makakatanggap ng lump-sum kapag nagsilang ng sanggol. Kapag ang ina ay nakunan (miscarriage) o nagkaroon ng stillbirth, makakatanggap pa rin ng lump-sum na bayad kapag ang ipinagbubuntis ay mahigit sa 84 araw. ※Ang lump-sum ay maaari din ibayad ng direkta sa ospital na pag-aanakan.

Sumangguni sa sariling sinasapian na Insurance.

(4) Sistema ng pagtulong para sa medikal na gastos ng mga bata.

Sa lungsod ng Neyagawa, ang mga nakarehistrong bata (may Alien Registration card), mula ng ipanganak hanggang senior High school (Pagtuntong ng 18 years hanggang sa susunod na Marso 31) ay makakatanggap ng tulong para sa mga medical na bayarin. Subalit, kailangan na kasapi o miyembro ng Health Insurance. Kapag hindi miembro ay di makatanggap ng tulong.

Mga kailangang bagay

①Health Insurance Card ng bata

②Katibayan ng Buwis (Income Tax Certificate)

(Mag apply paglagpas ng Enero 2 ng lumipat manirahan sa lungsod ng Neyagawa, Ang bata ay nasa edad na 6 hanggang sa susunod na Marso 31.)

Para sa Katanungan Hoken Fukushi Center Shimin Service
Department Iryou Josei section

[☎072-812-2363

(Para sa pagpapatala ng kapanganakan) City Main Office
Koseki • Juki Section ☎072-825-2215

City Station, Horimizo Service mado guchi (tanggapan)

(5) Sistema ng pagtulong sa pamamagitan ng Sustento para sa mga bata.

Single Parent Household

(1) Sustento para sa mga bata (sa Hunyo 2020, Buwan ng Oktubre)

Sa Japan, kapag nakatira sa pamamahay ng magulang ang bata hanggang ito ay umabot ng 3rd year junior high school, ang sustento para sa mga bata ay matatanggap.

Para sa Katanungan Hoken Fukushi Center Kodomo Mamoruka (child protection section) ☎072-812-2210

(2) Sistema upang matulungan ang mga pamilyang nag-iisa ang magulang (single parent household)

Makakatanggap ng tulong para sa medikal na gastos.

(Nag iisang magulang (Hitori iryouhisei (medical fee support)))

Para sa Katanungan Hoken Fukushi Center Shimin Service Department Iryoujosei tanto

☎072-812-2363

(3) Makakatanggap ng sustento para sa suporta ng bata (Child Support Allowance)

(4) Payo para sa nag-iisang magulang (Single Parent Counseling)

Para sa Katanungan Hoken Fukushi Center Kodomo Mamoruka

☎072-812-2210

(6) Kapag gustong ipaalaga ang bata (Hoikusho at iba pa)

(1) Day care para sa mga bata (Hoikusho (nursery) • Centers para sa Early childhood education • Nursery or child care center ng sariling kompanyang pinapasukan)

Mga pasilidad na kung saan maaaring ipaalaga ang mga bata .

- Mga Eligible na magpa alaga : Mahigit na 64 oras ang trabaho, buntis • Kapapag anak , maysakit • May kapansanan, Nag aalaga ng maysakit na miyembro ng pamilya • Biktima ng kalamidad, Naghahanap ng trabaho, Nag aaral

- Edad ng bata : Pagkatapos ng Maternity leave hanggang sab ago pumasok ng Elementarya.
- Halaga ng Bayad : Ang buwanang halaga ng bayad ay base sa halaga ng kabuuang Citizen' s tax (shiminzei) ng mga magulang.
- Lugar ng pag Apply : Nursery , Day care Centers, Kodomo Center
- Mga Papeles ng Application : Magpunta at humingi ng mga papeles na kailangang pirmahan at i-submit sa mga naturang day care.

Para sa Katanungan Hoken Fukushi Center Kosodate ka ☎072—812—2552

(2) Latchkey Kids Program (Home alone kids)

Ang magulang kadalasang wala sa bahay o nag tratabaho sa araw, Maaaring mag stay sa school pagkatapos ng school hours at tuwing bakasyon ng school, bawat elementary school ay may program nito. Kailangang mag apply (may bayad)

Para sa Katanungan City Main Office Higashi kan (East building)
Neyagawa Board of Education Neyagawashi Kyoikiinkai Sei shonen
ka ☎072—813—0075

(7) Childcare Support

(1) Child Center

Mayroong mga lugar na nakalaan para sa libangan ng mga bata at kanyang magulang, May samahan ng mga magulang na maaring lumahok. Dito ay maaaring matuto ang mga bata sa pamamagitan ng mga laro at iba pang aktibidad. Maaari din makipagpalitan ng mga kaalaman at impormasyon tungkol sa pagpapalaki ng mga bata atbp.

Ang pasilidad ay maaaring gamitin ng mga batang ang edad ay 0 hanggang 6 na taong gulang at ng kanilang mga magulang.

Oras : 10:00~16:00

Pista Opisyal (Holidays) : ika-2 Linggo ng bawat buwan,
Disyembre 29 hanggang Enero 3.

Para sa Katanungan Kodomo Center ☎ 072—839—8815

(2) Pagbisita sa bagong silang na sanggol

Sa loob ng 28 araw mula ng maipanganak ang sanggol, dadalaw sa

pamilya ang komadrona o manggagawa para sa kalusugan upang magkaroon ng konsultasyon hinggil sa pag-aalaga ng bata, pagbibigay ng payo (pagpapasuso, paglaki ng sanggol, pisikal na kondisyon pagkatapos ng panganganak).

Sa pag-aaply, Maternity and health Passbook na 「Nobiyaka」 Na postcard ay ipadala sa koreo, o kaya ay tumawag sa ibaba.

Para sa Katanungan Hoken Fukushi Center Kosodate Shienka (Child Support section) ☎072-838-0374

(3) Pagbisita bilang bahagi ng “Konnichiwa Akachan” (*maliban rito ang pagbisita sa bagong silang na sanggol sa isang pamamahay)

